



Republic of the Philippines  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

**MATATAG K TO 10 CURRICULUM  
OF THE K TO 12 PROGRAM**

**ARALING PANLIPUNAN**

**GRADES 4-10**

**I. Curriculum Shape of Araling Panlipunan**

Layunin ng papel na ito na maging gabay sa pagpapayaman ng kurikulum ng Araling Panlipunan (AP). Binibigyang-linaw nito ang mga batayang kaisipang maging sentro ng pinayamang kurikulum ng nasabing asignatura. Gayundin naman, tatalakayin ng papel na ito ang iba pang mga isasagawang mga hakbang na magbibigay direksiyon sa pagpapayaman ng kurikulum.

Itinuturing ang kurikulum bilang “blueprint” ng mga naisin na maisakatuparan ng isang lipunan. Sinasaklaw nito ang malaking bahagi ng sistemang pang-edukasyon maging ang mga mekanismong kaakibat nito tulad ng suporta ng pamilya at pamahalaan. Sa katunayan, malaki ang implikasyon ng kurikulum hindi lamang sa edukasyon bilang institusyong panlipunan kundi maging sa pangkabuuang kalagayan ng isang bansa. Sa usapin ng instruksyon, ginagamit itong batayan ng mga programa at inisyatibong inaasahang makatutulong sa mga mag-aaral at guro upang maisakatuparan ang mga pamantayang nakapaloob dito.

Ang halaga ng kurikulum ay nakasalalay sa kakayahan nitong umagapay sa nagbabago at dinamikong kalagayan ng lipunan. Makikita ang mga katangiang ito sa Araling Panlipunan bilang isang pangunahing asignatura sa K to 12 Kurikulum. Sa mga nagdaang reporma at pagbabago sa edukasyong pang-elementarya at sekondarya, mahalaga ang bahaging ginagampanan ng Araling Panlipunan bilang haligi ng pagsasakatuparan ng pambansang pagkakakilanlan sa sarili (national self-identity). Mula sa MAKABAYAN ng 2002 Basic Education Curriculum ang mga katawagang Sibika at Kultura (SK), Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HEKASI), at Araling Panlipunan (AP) hanggang sa kasalukuyan nitong pangalan, higit na binigyang-diin ng kasalukuyang kurikulum ng AP ang kahusayang pansibiko (civic competence).

Sa pagpapatupad ng K to 12 Kurikulum, nagkaroon ng malaking pagbabago ang disenyo ng kurikulum at nilalaman ng Araling Panlipunan. Pangunahin dito ang pagsisimula ng pagtuturo ng asignaturang ito sa ikaapat na baitang sapagkat ang unang yugto ng pagkatuto ay binibigyang diin ang mga kaisipan ng Makabansa.

Nakapaloob sa Makabansa ang mahahalagang konsepto at kaugnay na kaalaman na makatutulong sa pagsasakatuparan ng mga pamantayang pangkurikulum at kasanayan sa pagkatuto ng Araling Panlipunan sa Unang Yugto ng Pagkatuto.

Isa rin sa pagbabago ng kasalukuyang kurikulum ay ang pagtawid ng pagtuturo ng Kasaysayan ng Pilipinas partikular sa baitang lima, anim at pito na may layuning mabigyan ng sapat na pagkakataon ang mga guro na maisakatuparan ang pamantayan sa pagkatuto at pangnilalaman na siyang magpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ukol sa kasaysayan ng bansa. Kasabay nito ang introduksyon ng Kontemporaryong Isyu at mga Hamong Panlipunan sa baitang sampu na naglalayong magpayaman sa kahusayang pansibiko ng mga mag-aaral. Samantalang ang Senior High School naman ay nakatuon sa paghahanda para sa iba't ibang larangan ng pag-aaral matapos ang baitang 12.

Isang dekada na ang nakalilipas simula ng ipatupad ang nasabing kurikulum kaya minarapat ng Kawanihan ng Pagpapaunlad ng Kurikulum (Bureau of Curriculum Development) na suriin ito upang higit na mapaunlad at maging kapaki-pakinabang sa buhay ng mga Pilipinong mag-aaral.

Nakita sa pagsusuri sa tulong ng ilang dalubhasa sa loob at sa labas ng bansa at ng ilang piling guro ng Kagawaran na ang ilang baitang sa kasalukuyang kurikulum ay kinakitaan ng “congestion”. Isa ito sa mga dahilan kung bakit marami sa mga guro ang hindi natatapos ang malaking bahagi ng kasanayang pampagkatuto o learning competencies sa itinakdang panahon na may malaki namang implikasyon sa pag-abot ng mga mag-aaral sa pamantayang pangnilalaman (content standards) at pamantayan sa pagganap (performance standards). Bukod pa rito ang dami o bigat ng nilalaman na nagtutulak sa mga gurong lumikha ng ispesipikong instructional objective para maituro ang mga nilalaman na siyang tuntungan para makamit ang learning competency. Sa huli, hindi rin na-decongest ang kurikulum. Malinaw dito ang ugnayan ng content at ang learning competencies. Kaya naman, upang maging makatwiran ang anomang pagbabagong pangkurikulum, kinakailangang bigyang-pansin ang pagbuo ng mga pamantayang maaabot at maisasakatuparan sa itinakdang panahon o oras.

Minarapat na gamitin ang prinsipyo ng Pangunahing Ideya (Big Ideas) upang matugunan ang hamong ito. Tulad ng nabanggit sa Pangkalahatang Hugis ng Kurikulum (General Shaping Paper), ang pangunahing ideya (big idea) ay hinango sa panitikan at pag-aaral tungkol sa edukasyong pang-Matematika partikular ni Randall I. Charles. Ayon sa kanya, ang pangunahing ideya o big idea ay tumutukoy sa pahayag na naglalaman ng kaisipang sentro sa pagkatuto ng isang asignatura na siyang nag-uugnay sa iba't ibang kaalaman tungo sa pangkabuuang pag-unawa nito. Ang ugnayang ito ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng higit na kakayahang maunawaan at masuri ang esensyal na katangian ng isang pangyayari o penomena. Dahil dito, higit na nagiging madali sa mga mag-aaral na iugnay ito sa ibang kaisipan, konteksto, karanasan, at katanungang magbibigay ng kalinawan at katuturan sa maraming bagay.

Isa rin sa obserbasyon ay ang hindi konsistent na pagkakasulat ng mga pamantayang pangnilalaman at pamantayan sa pagganap. Sa usapin ng pamantayang pangnilalaman, hindi naipakita kung anong knowledge dimension ang nais bigyang-diin. Bagama't may mga binabanggit na skills o kakayanan, hindi ito malinaw na nag-uugnay sa nilalaman ng yunit. Ganoon din ang nakitang suliranin sa pamantayan sa pagganap. Mayroong mga baitang na ispesipiko ang produkto o gawaing dapat isakatuparan samantalang ang iba naman ay malaya. Kaugnay rin nito, mayroong mga nakitang learning competencies na hindi tugma sa pamantayan sa pagganap. Matatandaan na sa pagtukoy ng MELCs ang criteria na “enduring” ang pangunahing ginamit na batayan sa pagpili. Ibig sabihin ito ay mailalapat sa “real life situation” na makikita sa pamamagitan ng performance tasks. Ang huli ay nakabatay lamang sa sinasabi ng pamantayan sa pagganap. Sa madaling salita, kailangang bigyang-pansin ang mga learning competencies na hindi tugma sa pamantayan sa pagganap.

Sa usapin ng system assessment, ang Pilipinas ay bahagi ng Southeast Asia Primary Learning Metrics (SEA-PLM) na kung saan isa sa pangunahing sinusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkamamamayang global (global citizenship). Bagamat hindi nahuhuli ang mga Pilipinong mag-aaral sa usaping ito batay sa resulta ng SEA-PLM, ninanais na higit pang mapagyabong ang kakayahang ito na makatutulong sa pagpapanatili ng mapayapang ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng mga bansa sa kasalukuyan at hinaharap higit lalo sa konteksto ng isang globalisadong daigdig.

Gamit ang nabanggit na mga konsiderasyon at batayan, papagyamanin ang kasalukuyang bersyon ng Araling Panlipunan partikular sa Ikatlong Yugto (Key Stage 3). Ang Ikapitong Baitang na nakatuon sa pag-aaral ng Asya ay higit na paiigtingin sa pamamagitan ng pagbibigay-pokus sa ugnayan ng Pilipinas sa karatig- bansa nito sa Timog-Silangang Asya habang ang Ikawalong Baitang ay masusing bibigyang-pansin ang Ugnayan ng Asya at Daigdig. Layunin nito na mabigyang-lalim ang pagtalakay, pagsusuri, at pag-unawa sa masalimuot na ugnayan ng bansa, Asya, at ng daigdig.

Samantala, ang Ikasiyam na Baitang ay tutugon sa mga batayang kaisipan sa Ekonomiks tungo sa likas-kayang pag-unlad. Inaasahan na pagyayamanin nito ang kaalaman at kakayanan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pagtugon sa mga isyung pangkabuhayang may tuwirang ugnayan sa kanilang buhay. Samantala, mananatili ang Kontemporaryong Isyu at mga Hamong Panlipunan sa Ikasampung Baitang ngunit paiigtingin ang mga paksang lokal at global na nakaaapekto sa kasalukuyang kalagayan ng mag-aaral kasama ang kanilang kinabibilangang komunidad. Sentro ng pagpapayaman ng kurikulum ng Araling Panlipunan ang paggamit ng mga prinsipyo ng edukasyong pansibiko. Inaasahan na ang mga

pagbabagong ito higit na makatutulong sa paghubog ng produktibong mamamayang Pilipinong may malalim na pagmamahal sa bansa at sa daigdig.

A. Deskripsyon at Misyon ng Araling Panlipunan

Nakatuon ang Araling Panlipunan sa dinamikong ugnayan ng indibidwal at lipunang kaniyang kinabibilangan kabilang ang pandaigdigang lipunan at mga demokratikong institusyon at istrukturang umaagapay at humahamon sa kanyang pamumuhay. Bilang isang integratibo, interdisiplinaryo at multidisiplinaryong asignatura, gumagamit ito ng iba't ibang lente at disiplina ng Agham Panlipunan tulad ng heograpiya, kasaysayan, sosyolohiya, agham pampolitika, ekonomiks, at antropolohiya upang higit na mapalawak at mapalalim ang pagsusuri sa panlipunang usapin at ang gampanin ng indibidwal bilang bahagi ng lumalawak na lipunan.

Bagamat ginagamit ang iba't ibang sangay ng Agham Panlipunan sa pagsusuri ng usaping panlipunan at pansibiko, ang pagdulog sa pag-aaral ng Araling Panlipunan ay hindi lamang simpleng 'koleksyon ng mga sangay' (Thornton, 2005) na nabanggit kundi umiinog ito sa pangangailangan ng mag-aaral, komunidad, at ng lipunan sa pangkabuuan (Thornton, 1994).

Dahil dito, itinuturing ang Araling Panlipunan na mahalagang haligi ng kurikulum sapagkat pangunahin nitong layunin na maisakatuparan ang paglinang sa mga Pilipinong mag-aaral na maging mapanuri, mapagmuni, produktibo at mapanagutang kasapi ng lipunan na may sapat na kahusayang pansibiko na nakasalig sa malalim na pag-unawa sa pagkakakilanlang kultural at pagmamahal sa bansa na mayroong pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa usaping panlipunan.

Maisasakatuparan ang mga ito sa pamamagitan ng pag-unawa, pagsusuri, at pagtugon sa mga paksa, tema, at isyung panlipunang nagsisimula sa sarili patungo sa pamilya, komunidad, lalawigan, bansa, rehiyon at daigdig gamit ang pangunahing kaisipan (big ideas) hango sa heograpiya, kasaysayan, sosyolohiya, agham pampolitika, at ekonomiks.

Partikular sa mga kasanayan at kakayahang ito ay nakaugat sa mga layunin ng batayang edukasyon na makahubog ng mamamayang may kapaki-pakinabang (functional) na literasi na may panghabangbuhay na pagkatuto (lifelong learning) pagkatapos ng pormal na pag-aaral. Tulad ng ibang asignatura, binibigyang-diin ang pagsisiyasat at

pagsusuri bilang kakayanan. Samakatuwid, ang kurikulum ng Araling Panlipunan ay hindi lamang nakabatay sa nilalaman (content-based) kundi rin sa mga kakayahan at pamantayan (standards-based).

Mahalaga ang mga kasanayang ito sa pagbuo ng isang malaya, payapa, maunlad, at ligtas na lipunang kumikilala sa karapatan at kontribusyon ng mamamayang Pilipino tungo sa kabutihang panlahat. Malinaw na maisasakatuparan ang mga ito gamit ang expanding environment o expanding horizon model na inuuna ang mga institusyong panlipunan na may tuwirang ugnayan sa mga mag-aaral at nagsisilbing gabay sa kanilang pagtuklas, pag-unawa, at pagsusuri sa iba pang institusyong panlipunan.

#### B. Batayang Teoretikal (Theoretical Foundations)

Nakasalig ang pagtuturo ng Araling Panlipunan sa teorya at pag-aaral ukol sa pagsusulong ng kahusayang pansibiko. Bagama't masalimuot ang mga perspektiba at pananaw ukol sa pagtuturo ng asignaturang ito, masasabi na ang integratibong pagdulog gamit ang mahahalagang kasanayan at kakayahan ng sangay ng Agham Panlipunan tulad ng agham pampolitika, antropolohiya, ekonomiks, heograpiya, kasaysayan, at maging sikolohiyang panlipunan ang saligan nito upang maisasakatuparan ang pagkatuto ng kahusayang pansibiko ng mga mag-aaral (Saxe, 1992; Hinde, 2009; Denton & Sink, 2015).

Kaugnay sa pagtuturo ng Araling Panlipunan ay ang pagsunod sa mga ideya ng iba't ibang teorya sa pagkatuto. Pangunahin dito ang ecological systems theory (Urie Bronfenbrenner) na binibigyang-halaga ang “ekolohiya o kapaligiran” ng mag-aaral bilang sentro ng kanyang pag-unlad (Bronfenbrenner, 1974). Kung susuriin, ang modelong PPCT (Process, Person, Context, Time) na kalakip ng teoryang ito na maipaliwanag ang pag-unlad ng indibidwal at lipunan.

Mahalaga ang pananaw na ito sa pedagogikal na pagdulog sapagkat ang nilalaman at kakayahang nakapaloob sa asignaturang ito ay higit na nabibigyang-buhay sa konteksto ng karanasan ng mag-aaral sa tahanan, paaralan, komunidad, at sa lumalawak na lipunan.

Samantala, ang social constructivism na naniniwalang ang indibidwal ay aktibong lumilikha ng kahulugan at maging kaalaman mula sa kanyang karanasan (Fosnot, 1996; Steffe & Gale, 1995; Adams, 2006) ay binibigyang-halaga rin

ng asignaturang ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng kalayaang lumikha ng kahulugan sa mga konseptong tinatalakay batay sa kanilang karanasan at pag-unawa sa mga tekstong binasa at sinuri.


Bilang isang asignatura ng ugnayan, ang magkatuwang na pagkatuto (collaborative learning) at pagkatutong pangkaranasan (experiential learning) ay pamamaraang madalas na ginagamit sa asignaturang ito bukod pa sa pamamaraang tematiko-kronolohikal, paksain/konseptuwal, at pagsisiyasat. Mula rito, inaasahan na maisasakatuparan ang minimithi ng kurikulum na mahubog ang mapanuring pag-iisip (critical thinking), pagpapahalagang pangkasaysayan at iba pang kasanayang pangdisiplina (Johnson & Johnson, 2018; Kolb, 1985, 2015; Heard, Scoular, Duckworth, Ramalingam, & Teo, 2020).

Ang pagtuturo ng Araling Panlipunan ay hindi limitado sa mga nabanggit na teorya at pananaw. Patuloy na pinagyayaman ng asignaturang ito ang mga dulong, pamamaraan, estratehiya, at teknik batay sa mga bago at akmang pag-aaral na sumusuporta sa kabuuang layunin ng aralin.

II. Istrukturang ng Araling Panlipunan (AP)  
(Structure of Araling Panlipunan)

A. Pangunahing Kaisipan (Big Ideas)

Bilang isang integratibo, interdisiplinaryo at multidisiplinaryong asignatura, nakapaloob sa Araling Panlipunan ang pangunahing ideya ng iba't ibang sangay ng Agham Panlipunan na malaki ang ugnayan sa bawat isa. Ang Pangunahing Ideya ay mahahalagang konsepto, prinsipyo, teorya, at prosesong gumagabay sa kurikulum. Sa pamamagitan ng malalalim na kaisipan, naituon ang panahon sa pinakamahalagang kaalaman na nakapaloob sa kurikulum. Sa madaling salita, nagsisilbi itong lente upang matukoy ang mga pagtutuunang nilalaman. Bahagi rin ng pangunahing ideya ang pangmatagalang pag-unawa sa mga konsepto, prinsipyo, at teorya na bumubuo ng mga katotohanan batay sa mga ipinapakita at kapaki-pakinabang na mga tularan o huwaran (McTighe & Wiggins, 2012).





Minarapat na isa-isahin ang mga kaisipang ito upang mabigyang-diin sa pagpapayaman ng kasalukuyang kurikulum. Inaasahang ang mga kaisipang ito ang tatahi sa iba't ibang kaalaman, konsepto, at kasanayan sa bawat baitang gamit ang pitong tema.

<p>Ang likas-kayang pag-unlad ang bagong kasunduang panlipunan na gagabay sa interaksyon ng tao, lipunan, at kapaligiran. (Tao, Lipunan, at Kapaligiran)</p>	<p>Ang pagkakakilanlan ng tao, lipunan, at bansa ay hinuhubog ng interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran. (Tao, Lipunan, at Kapaligiran)</p>	<p>Mahalagang maunawaan na ang nagbabagong pananaw ng pamamahala at pagkamamamayan ay bunga ng mga pangyayaring panlipunan, pampolitikal at pangkabuhayan. (Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago)</p>	<p>Mahalaga ang pangkasaysayang pananaw sa pagsusuri ng karanasang panlipunan tungo sa pagbuo ng kamalayang pagkamamamayan. (Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago)</p>
<p>Ang kaganapan ng nilalayong lipunan sa hinaharap ay nakabatay sa kalidad ng ating pagkilos sa kasalukuyan. (Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago)</p>	<p>Ang malalim na pag-unawa sa pagkakatulad, pagkakaiba, pagkakaugnay-ugnay, at pagbabago ng kultura o kalinangan ay nakaiimpluwensiya sa pagbuo ng pagkakakilanlang indibidwal, lokal at nasyonal tungo sa pagkabansa. (Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa)</p>	<p>Ang patuloy na pagkilala, paggalang, at pagsasakatuparan sa kalayaan, karapatan at tungkulin, at dignidad ng bawat tao ay nagbibigay-daan sa pagpapanatili ng kaayusan at katatagang panlipunan at pagkamit ng kabutihang panlahat. (Karapatan, Pananagutan, at Pagkamamayan)</p>	<p>Nakaaapekto ang mga karapatan, pananagutan, kultura, kasaysayan at aktibong partisipasyon ng mga mamamayan sa kapangyarihan, awtoridad at pamamahala tungo sa kalayaan, pagpapaunlad ng kabuhayan, pakikipagtulungan, at pandaigdigang pagkamamamayan. (Karapatan, Pananagutan, at Pagkamamayan)</p>
<p>Ang mga prinsipyo ng katarungang panlipunan, pagpapahalaga at pag-uugali, at ng mga demokratikong institusyon at sistema ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng aktibo at mapanagutang pakikilahok ng mga mamamayan. (Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala)</p>	<p>Ginagabayan ng mga prinsipyong nakatuon sa paggalang sa karapatang pantao, pananagutan, pagkamakabansa at pakikilahok ang produksyon, distribusyon at pagkonsumo tungo sa likas-kayang pag-unlad at kalayaang pang-ekonomiko ng mga tao. (Produksyon, Distribusyon, at Pagkonsumo)</p>	<p>Nakapaloob sa pang-ekonomiyang literasi ang mga konsepto at kakayahan ng matalinong pagpapasya, pakikilahok at literasi sa pananalapi sa pagkamit ng kaunlaran. (Produksyon, Distribusyon, at Pagkonsumo)</p>	<p>Ang ugnayan at kolaborasyong rehiyunal at pandaigdig ay kinakailangan sa pagbubuo ng mga inklusibong institusyong politikal at pang-ekonomiya. (Ugnayang Panrehiyon at Pandaigdig)</p>

Natukoy ang mga kaisipang ito bilang tugon sa pangkalahatang layunin ng Araling Panlipunan gamit ang mga sangguniang pangkurikulum sa loob at labas ng bansa na may tuwirang ugnayan sa pitong temang nakapaloob sa

araling ito na tatalakayin sa susunod na bahagi. Tulad ng nabanggit, inaasahang makatutulong ang mga kaisipang ito upang mapagtibay sa mga Pilipinong mag-aaral ang mga kakayahang pansibiko mula Kindergarten hanggang sa Ikasampung Baitang.

Ganoon din naman, mahalaga ang mga malalalim na kaisipan sa pagpapaunlad ng ika-21 siglong kasanayan tulad ng Impormasyon, Midya at Teknolohiya upang makaagapay sa mga pagbabago at nagbabagong lipunan na humahantong sa katotohanan. At dahil sa nagbabago ang lipunan, mahalaga rin ang mga kasanayang alinsunod sa pagkatuto at inobasyon upang patuloy na makibahagi sa paghubog ng mga bagong kasanayan at kaalaman. Ang mga diskurso, pagsisiyasat, at argumentasyon ay mas nagiging mabisa kung ang mga mag-aaral ay may kasanayan sa epektibong komunikasyon. Gayundin, sa pagpapatuloy ng mga mag-aaral bilang kritikal at mapanagutang mamamayan, mahalaga na malinang ang kanilang kasanayan sa buhay at propesyon.

B. Pitong Tema ng Araling Panlipunan (Seven Themes in Social Studies)

Umiinog sa pitong magkakaugnay na tema ang pag-aaral ng Araling Panlipunan. Bawat tema ay gumagamit ng mga ideya at prinsipyong hango sa Agham Panlipunan at siya ring nag-uugnay sa iba't ibang pangunahing ideya (big ideas).

Makikita sa asignaturang Makabansa mula una hanggang ikatlong baitang ang mga tema at malalalim na kaisipang nabanggit bilang paghahanda sa ikaapat hanggang ikasampung baitang.

**TAO, LIPUNAN, AT KAPALIGIRAN  
(PEOPLE, SOCIETY, AND ENVIRONMENT)**

01

Ang ugnayan ng tao sa lipunan at kapaligiran ay pundamental na konsepto sa Araling Panlipunan. Binibigyang-diin ng temang ito ang pagiging bahagi ng tao hindi lamang sa kanyang kinabibilangang komunidad at kapaligiran kundi sa mas malawak na lipunan at sa kalikasan.

**PANAHOON, PAGPAPATULOY, AT PAGBABAGO  
(TIME, CONTINUITY, AND CHANGE)**

02

Mahalagang makita ng mag-aaral ang pag-unlad ng lipunan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan upang lalo niyang maunawaan ang kanyang sarili at bansa at sa ganoong paraan ay makapagbuo ng pagkakakilanlan bilang indibiduwal at miyembro ng komunidad, bansa at daigdig. Sentral sa pag-aaral ng tao, lipunan at kapaligiran ang konsepto ng panahon (time), na nagsisilbing batayang konteksto at pundasyon ng pag-unawa ng mga pagbabago sa buhay ng bawat isa, ng lipunang kanyang kinabibilangan, at ng kanyang kapaligiran. Bagamat mahalaga ang kaisipang kronolohikal, ito ay isa lamang sa maraming paraan sa pagsusuri at pagtuturo ng kasaysayan. Mahalaga sa temang ito ang pagkilala sa pagkakaiba ng nakaraan sa kasalukuyan, ang pagpapatuloy ng mga paniniwala, istruktura at iba pa sa paglipas ng panahon, ang pag-unawa ng konsepto ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagpapahalaga sa konteksto ng pangyayari sa nakaraan man o sa kasalukuyan, at ang mga kaugnay na kakayahan upang maunawaan nang buo ang naganap at nagaganap.

**KULTURA, PAGKAKAKILANLAN, AT PAGKABANSA  
(CULTURE, IDENTITY, AND NATIONHOOD)**

03

Kaugnay sa dalawang naunang tema ang konsepto ng kultura, na tumutukoy sa kabuuan ng mga paniniwala, pagpapahalaga, tradisyon, at paraan ng pamumuhay ng isang grupo o lipunan, kabilang ang mga manipestasyong katulad ng wika at sining. Nakaangkla sa kultura ang pagkakakilanlan ng iba'tibang pangkat indigeno (IPs) sa bansa. Para sa isang bansang multi-etnolingguwistiko, mahalagang suriin ang pagkakakilanlang plural (plurality of identities). Sapag-aaral ng temangito, inaasahan na makabubuo ang mag-aaral ng sariling pagkakakilanlan bilang kabataan, indibiduwal at Pilipino, at maunawaan at mabigyang-galang ang iba't ibang kultura sa Pilipinas. Ang pagkakakilanlan bilang Pilipino ay batayan ng makabansang pananaw, na siyang tutulong sa pagbuo sa mas malawak na pananaw ukol sa daigdig.

**KARAPATAN, PANANAGUTAN, AT PAGKAMAMAMAYAN  
(RIGHTS, RESPONSIBILITY, AND CITIZENSHIP)**

04

Nakabatay ang kahusayang pansibiko sa pag-unawa sa papel na ginagampanan ng bawat isa bilang mamamayan at kasapi ng lipunan at sa pagkilala at pagtupad ng mga karapatan at tungkulin bilang tao at mamamayan. Pananagutan ng mamamayang isakatuparan ang kagalingang pansibiko sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga ito ng pagkakataong makalahok sa gawaing pampolitika, pangkabuhayan, at pansosyo-kultural na inaasahang makapagpapabuti sa kalagayang panlahat.

**KAPANGYARIHAN, AWTORIDAD, AT PAMAMAHALA  
(POWER, AUTHORITY, AND GOVERNANCE)**

05

Bahagi ng pagkamamamayan ay ang pag-unawa sa konsepto ng kapangyarihan at ang paggamit nito, ang kahulugan at kahalagahan ng demokratikong pamamalakad, at ang uri ng pamahalaan sa Pilipinas. Sakop din ng temang ito ang pagsusuri ng Saligang Batas ng 1987 na nagsasaad ng mahahalagang probisyon tulad ng karapatan at pananagutan ng mamamayan at ng sambayanang Pilipino. Ang pag-unawa sa konsepto ng awtoridad at liderato sa iba't-ibang antas at aspekto ng pamahalaan, kasama ang tungkulin ng isang pinuno ay sakop din ng temang ito.

**PRODUKSYON, DISTRIBUSYON, AT PAGKONSUMO  
(PRODUCTION, DISTRIBUTION, AND CONSUMPTION)**

06

Sentro ng temang ito ang ugnayan ng walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao at ang limitadong pinagkukunang-yaman ng bansa at ang implikasyon nito sa lipunang nagdaan, kasalukuyan, at hinaharap. Ipinapakita rin dito ang tuwirang epekto ng pagpapasya ng mamimili sa takbo ng presyo, implasyon, at iba pang mekanismong pampamilihan (market mechanisms) na malaki ang epekto sa pag-angat ng ekonomiya at pag-unlad ng bansa. Mahalaga sa temang ito ang mga konseptong may kinalaman sa pambansang produksyon, distribusyon, at pagkonsumo, sambayanan, at bahay-kalakal.

**UGNAYANG PANREHIYON AT PANDAIGDIG  
(REGIONAL AND INTERNATIONAL RELATIONS)**

07

Nakatuon ang temang ito sa dinamikong ugnayang pambansa na nakaaapekto sa iba't ibang aspekto at dimensyon ng kalagayang panlipunan, pang-ekonomiya, pangkultura, at pampolitika. Layunin nitong makabuo ang mag-aaral ng pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga pangunahing usapin sa lipunan at daigdig. Makatutulong ang kaalamang ito sa malalim na pag-unawa sa gampanin ng Pilipinas sa ugnayan ng mga bansa sa rehiyon at iba pang panig ng daigdig.

C. Pamantayan sa Bawat Baitang o Yugto (Standards for Each Grade Level or Stage)

Mula sa mga pangunahing kaisipan at pitong temang nailahad, inaasahan na makalikha ng mga pamantayan sa bawat baitang o yugto ng pag-unlad upang maisakatuparan ang minimithi ng Araling Panlipunan sa mga Pilipinong mag-aaral.

Bilang pamantayan sa programa ng Araling Panlipunan, inaasahan na ang mga mag-aaral ay makapagpamalas ng pag-unawa sa mga konsepto at isyung pangkasaysayan, pangheograpiya, pang-ekonomiya, pangkultura, pampamahalaan, pansibiko, at panlipunan gamit ang mga kasanayang nalinang sa pag-aaral ng iba't ibang disiplina at larangan ng Araling Panlipunan kabilang ang pananaliksik, pagsisiyasat, mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman, pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw upang maging isang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, produktibo, makakalikasan, makabansa at makatao na papanday sa kinabukasan ng mamamayan ng bansa at daigdig.

Isinaayos ang mga pamantayan ng bawat yugto na humahabi sa mga tema ng Araling Panlipunan at mga malalalim na kaisipan. Samakatuwid, hinango ang mga pamantayan ng bawat yugto sa pitong tema at ang malalalim na kaisipan naman mula sa iba't ibang disiplina ng Agham Panlipunan ang siyang naging batayan ng mga konsepto, kasanayan at pagpapahalaga.

Pamamaraang Expanding Environment (Expanding Horizon)

Kaiba sa mga asignatura ng K to 12 na gumagamit ng spiral progression bilang disenyong pangkurikulum, ang Araling Panlipunan ay isinaayos batay sa prinsipyo ng lumalawak na kapaligiran (expanding horizon/environment model) na madalas ginagamit sa panlipunang pag-aaral sa elementarya (Krahenbuhl, 2019; Ramli, 2009; Leming, Ellington, & Porter, 2003). Pinalitan nito ang balangkas historikal na nakatuon sa kronolohikal na kaayusan ng mga kaalaman. Sinasabing ang lumalawak na kapaligiran ay umaangkop sa student-centered approach (Krahenbuhl, 2019).

Nakatuon ito sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral at unti- unting lumalawak tungo sa kanilang lokalidad, lalawigan, rehiyon, bansa at panghuli ay ang daigdig. Binibigyang-diin nito ang mga simpleng konsepto na pamilyar ang mga mag-aaral at pagkatapos ay sumulong tungo sa komplikadong konseptong nauukol sa mas malawak na lipunan habang ang mga mag-aaral ay lumago mula sa unang baitang hanggang ikaanim na baitang. (Krahenbuhl, 2019; Ramli, 2009; Leming, Ellington, & Porter, 2003).

Makikita ang pamamaraang lumalawak na kapaligiran sa kaayusan ng kurikulum mula sa una hanggang sa ikasampung baitang. Ang mga pamantayang pangnilalaman, pamantayan sa pagganap at kasanayang pampagkatuto ay nakabatay sa pitong tema na makikita sa pahina 8 hanggang 11.

Samantala, ang kasanayan sa iba't ibang disiplina ng Araling Panlipunan tulad ng pagkamalikhain, mapanuring pag-iisip at matalinong pagpapasya, pagsasaliksik/ pagsisiyasat, kasanayang pangkasaysayan, pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw ay kasabay na nalilalang ayon sa kinakailangang pag-unawa at pagkatuto ng mag-aaral. Ang mga kasanayang ito ay nakabatay sa mga pangunahing ideya na mula sa mga disiplina ng Agham Panlipunan na isinaayos sa pamamaraang lumalawak (expanding) ay umaakma rin sa mga kasanayang kinakailangan para sa ika-21 siglo.

D. Artikulasyong Bertikal at Horisontal (Vertical and Horizontal Articulation)

Ang mahahalagang konsepto, kasanayan, at pagpapahalaga sa asignaturang ito ay naisasakatuparan sa iba't ibang antas na nagsisimula sa Kindergarten hanggang Senior High School. Halimbawa, mula sa payak na konsepto ng pagtalakay ng pagkakakilanlan sa asignaturang Makabansa, ito ay higit na lumalalim at nagiging komprehensibo sa mga susunod na baitang. Mula sa pagkakakilanlang personal sa unang baitang at pagkakakilanlang kultural sa baitang dalawa at tatlo sa asignaturang Makabansa, pagkakakilanlang Pilipino sa baitang apat, lima, at anim, at pagkakakilanlang Asyano at pandaigdig sa ikapito hanggang sa ikasampu, makikita ang lumalawak at lumalalim na konsepto ng pagkakakilanlan.

Sa tema ng panahon, pagpapatuloy, at pagbabago, nagsisimula ang pagtalakay nito sa unang baitang na nagbibigay-pansin sa pagbabagong nagaganap sa isang indibidwal sa usaping pisikal, emosyonal, sosyal at mental na tumatawid sa pagbabago ng pamilya, komunidad, lalawigan, bansa, rehiyon at daigdig. Samakatuwid, umaakma ang expanding

horizon bilang modelo sa pagpapaunlad ng mga mahahalagang konsepto, tema, at kasanayan sa asignaturang ito sa usapin ng artikulasyong bertikal.



## ARALING PANLIPUNAN 4

**Pamantayan sa Ikalawang Yugto ng Pagkatuto:**

Inaasahan na sa ikalawang yugto ng pag-unlad na makapaglapat ang mga mag-aaral ng kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas gamit ang perspektiba ng heograpiya, kasaysayan, agham pampolitika, ekonomiks, at mga kaugnay na kaisipan at pagpapahalaga tungo sa pagpapaigting ng kamalayang makabansa

**Pamantayan sa Ikaapat na Baitang:**


Naipamamalas ang pag-unawa at pagmamalaki sa pagka-Pilipino na pinagbubuklod ng iba't ibang kultura batay sa mga konsepto ng heograpiya, kasaysayan, ekonomiya, pamamahala at pagpapahalaga tungo sa pagpapaigting ng kamalayang makabansa

**Pamagat:**

Ang Bansang Pilipinas

**Deskripsiyon:**

Pagpapahalaga sa pambansang pagkakakilanlan at ang mga kontribusyon ng bawat rehiyon sa paghubog ng kulturang Pilipino at pambansang pag-unlad gamit ang mga kasanayan sa heograpiya, pag-unawa sa kultura at kalinangan, pakikilahok sa pamamahala at pagpapahalaga sa mga mithiin ng bansa



**IKAAPAT NA BAITANG**  
**UNANG MARKAHAN – ANG HEOGRAPIYA NG PILIPINAS**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Ang Heograpiya ng Pilipinas 1. Paggamit ng Mapa at Globo a. Tiyak (Absolute) na Lokasyon b. Relatibong Lokasyon	1. Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon
B. Ang Pambansang Teritoryo 1. Saligan ng Teritoryo a. Ayon sa Kasaysayan b. Ayon sa Saligang Batas c. Ayon sa Atas ng Pangulo d. Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan (Archipelagic Doctrine-UNCLOS)	2. Natatalakay ang konsepto ng bansa 3. Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas
C. Pagkakakilanlang Heograpikal 1. Heograpiyang Pisikal (Klima, Panahon, Anyong Lupa, at Anyong Tubig) 2. Heograpiyang Pantao (Populasyon, Indigenous Peoples/Etnolingguwistikong Pangkat)	4. Nailalarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas: a. Heograpiyang Pisikal b. Heograpiyang Pantao
D. Kahalagahan ng Katangiang Heograpikal sa Pag-unlad ng Bansa	5. Nasusuri ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito 6. Napahahalagahan ang katangiang heograpikal ng bansa



**IKAAPAT NA BAITANG**  
**IKALAWANG MARKAHAN – ANG PAMBANSANG EKONOMIYA**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang-yaman

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa ( <i>Likas na Yaman – Lupa, Tubig, Gubat, Enerhiya, Mineral; at Yamang Tao</i> ) 1. Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa 2. Mga Hamon at Pagtugon sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa 3. Pangangalaga sa mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa	1. Natutukoy ang mga pinagkukunang-yamang matatagpuan sa bansa
	2. Naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa
	3. Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa
B. Mga Hamon sa Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad	4. Natutukoy ang mga hamon sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad
	5. Napahahalagahan ang mga gawaing nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad ( <i>sustainable development</i> ) ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa

**IKAAPAT NA BAITANG**  
**IKATLONG MARKAHAN – ANG PAMBANSANG PAMAHALAAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa sa papel na ginagampanan ng mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan tungo sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng bansa
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng proyektong nanghihikayat sa mga kapuwa mag-aaral sa pagtataguyod at pakikisa sa mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
A. Elemento ng Pagkabansa 1. Tao 2. Teritoryo 3. Pamahalaan 4. Soberanya	1. Natatalakay ang kahalagahan ng mga elemento ng pagkabansa
B. Ang Pambansang Pamahalaan 1. Unitary presidential system 2. Separation of powers	2. Nasusuri ang balangkas o estruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.
C. Serbisyo ng Pamahalaan (Batay sa Pambansang Badyet ng Pilipinas 2022) 1. Serbisyong Panlipunan a. Edukasyon, Kultura, at Pagpapaunlad ng Manpower b. Panlipunang Kaligtasan, Kagalingan at Empleyo (Social Security, Welfare and Employment) c. Kalusugan 2. Serbisyong Pang-ekonomiya	3. Nasusuri ang papel ng pamahalaan at mga programang A. Pangkalusugan B. Pang-edukasyon C. Pangkapayapaan D. Pang-ekonomiya E. Pang-impraestruktura  4. Napahahalagahan ang iba't ibang programa ng pamahalaan

<ul style="list-style-type: none"><li>a. Komunikasyon, mga Kalsada, at iba pang Transportasyon</li><li>b. Agrikultura, Repormang Pansakahan, at Likas na Yaman at Kapaligiran</li><li>c. Pagpapaunlad ng mga Yamang Tubig at Pagkontrol sa Baha</li></ul> <p>3. Pagkalahatang Serbisyonng Publiko (General Services)</p> <ul style="list-style-type: none"><li>a. Kaayusang Publiko at Kaligtasan</li><li>b. Pangkalahatang Administrasyon</li></ul>	
--	--

**IKAAPAT NA BAITANG**  
**IKAAPAT NA MARKAHAN – PAGKAKAKILANLAN AT PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Mga Sagisag ng Pagkakakilanlang Pilipino	1. Naipaliliwanag ang mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino
B. Pagkamamamayan	2. Natutukoy ang konsepto at prinsipyo ng pagkamamamayan
C. Karapatan at Tungkulin ng Mamamayang Pilipino 1. Kahulugan 2. Uri ng Karapatan a. Karapatang Sibil b. Karapatang Politikal c. Karapatang Panlipunan at Pangkabuhayan 3. Mga Kaakibat na Tungkulin	3. Natatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan
D. Kagalingang Pansibiko	4. Natatalakay ang konsepto ng kagalingang pansibiko
	5. Napahahalagahan ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng karapatan at tungkulin tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko



## ARALING PANLIPUNAN 5

**Pamantayan sa Ikalawang Yugto ng Pagkatuto:**

Inaasahan na sa ikalawang yugto ng pag-unlad na makapaglapat ang mga mag-aaral ng kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas gamit ang perspektiba ng heograpiya, kasaysayan, agham pampolitika, ekonomiks, at mga kaugnay na kaisipan at pagpapahalaga tungo sa pagpapaigting ng kamalayang makabansa

**Pamantayan sa Ikalimang Baitang:**



Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakabuo ng Pilipinas, mga sinaunang lipunan hanggang ika-19 na siglo gamit ang mga batayang konsepto ng heograpiya, kasaysayan, agham pampolitika, ekonomiks, at mga kaugnay na kaisipan tungo sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at nasyonalismo

**Pamagat:**

Pagbuo ng Pilipinas bilang isang Nasyon

**Deskripsiyon:**

Pagkakabuo ng kapuluan ng Pilipinas at mga sinaunang lipunan hanggang sa simula ng ika-19 siglo gamit ang batayang konseptong katulad ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy.



**IKALIMANG BAITANG**  
**UNANG MARKAHAN – PINAGMULAN NG PILIPINAS AT MGA SINAUNANG BAYAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakalilikha ng presentasyon ukol sa pinagmulan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Pagbuo ng Pangkasaysayang Pananaw 1. Pag-aaral ng Kasaysayan a. Kahulugan b. Batayan c. Pamamaraan at Pananaw	1. Naipaliliwanag ang pag-aaral ng kasaysayan at mga batayan nito 2. Natatalakay ang mga pamamaraan at pananaw ng kasaysayan
B. Pinagmulan ng Pilipinas at ng Sinaunang Pilipino 1. Pinagmulan ng Pilipinas a. Agham • Volcanic Theory • Plate Tectonic Theory b. Kaalamang Bayan (hal. Alamat, Kuwentong Bayan)	3. Natutukoy ang pinagmulan ng Pilipinas batay sa agham, kaalamang bayan, at relihiyon
C. Pinagmulan ng Sinaunang Tao sa Pilipinas 1. Agham a. Teoryang Austronesyano b. Teorya ng Core Population 2. Kaalamang Bayan (hal., Alamat at Kuwentong Bayan)	4. Nasusuri ang pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas batay sa agham at kaalamang bayan

**IKALAWANG MARKAHAN – KOLONIALISMO, IMPERYALISMO, NASYONALISMO AT PAGKABANSA**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
<p>A. Mahahalagang Pangyayari sa Daigdig noong Ika-15 at Ika-16 Siglo</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pagsasara ng Constantinople</li> <li>2. Renaissance</li> <li>3. Repormasyon</li> <li>4. Kontra-Repormasyon</li> </ol>	<p>1. Natatalakay ang mahahalagang pangyayari noong ika-15 at ika-16 siglo bago ang panahon ng paggalugad ng mga lupain</p>
<p>B. Panahon ng Paggalugad at Kolonyalismo sa America</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang Europe sa Panahon ng Paggalugad at Kolonyalismo <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Mga Dahilan</li> <li>b. Tunggalian ng Portugal at Spain</li> <li>c. Ang Epekto ng Pananakop sa Imperyong Aztec at Inca sa lipunang Mesoamerican/ Andean at sa Lipunang Espanyol</li> </ol> </li> </ol>	<p>2. Nasusuri ang mga pangyayari at kinahinatnan ng paggalugad at kolonyalismo ng mga Europeo sa mga bagong lupain sa America</p>
<p>C. Ang mga Asyano sa Panahon ng Paggalugad at Kolonyalismo</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang paglalakbay ni Ibn Battuta</li> <li>2. Ming China (tuon sa paglalakbay ni isinagawa sa ilalim ng pamumuno ni Zheng He)</li> <li>3. Mughal Empire ng India</li> <li>4. Tokugawa Japan (Edict of Sakoku)</li> </ol>	<p>3. Nasusuri ang mga naging unang tugon ng mga Asyano sa panahon ng paggalugad at kolonyalismo</p>

<p>D. Panahon ng Imperyalismo</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pag-usbong ng mga Imperyo ng England, France, the Netherlands, Portugal, at Spain sa America, India at East Indies</li> <li>2. Pagpasok ng mga Imperyalistang Estado ng Russia, Italy, Germany, United States, at Japan</li> </ol>	<p>4. Nasusuri ang imperyalismong Europeo at Japan sa Asya at Africa</p>
<p>E. Panahon ng Absolutismo, Liberalismo at Enlightenment</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Mga mahalagang pangyayari</li> <li>2. Rebolusyong Amerikano</li> </ol>	<p>5. Naiuugnay ang Enlightenment at Rebolusyong Amerikano sa paglinang ng nasyonalismo at pagkabansa</p>
<p>F. Rebolusyong Pranses at Pag-usbong ng mga Bansang Estado</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. French Revolution at mga pagbabagong dulot nito</li> <li>2. Pag-usbong ng mga Bansang-Estado</li> </ol>	<p>6. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Rebolusyong Pranses at pagtatag ng mga bansang estado</p>
<p>G. Paglaganap ng Nasyonalismo sa Asya at Amerika</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Modernisasyon ng Japan (Meiji Restoration)</li> <li>2. Himagsikan sa South America (Simon Bolivar)</li> <li>3. Back-to-Africa Movement</li> <li>4. United League ni Sun Yat Sen</li> <li>5. Passive Resistance ni Gandhi (India)</li> </ol>	<p>7. Nasusuri ang naging tugon ng ilang bansa sa Asya, Africa at Latin America sa imperyalismong Europeo</p>

**IKAWALONG BAITANG**  
**IKATLONG MARKAHAN – MGA HAMON NG PAGKABANSA AT KAISAHAN NG DAIGDIG**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
A. Unang Digmaang Pandaigdig 1. Mga Sanhi 2. Mga Pangyayari 3. Mga Pagbabagong dulot ng Digmaan	1. Natatalakay ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig
B. Ang Daigdig Pagkaraan ng Digmaan 1. Pagtatatag ng League of Nations 2. Spanish Flu 3. Great Depression	2. Nabibigyang katuwiran ang naging tugon ng mga bansa sa pagharap sa iba't ibang suliranin pagkaraan ng digmaan
C. Banta ng Ideolohiyang Totalitarianismo at Pasismo 1. Katuturan ng Totalitarianismo 2. Komunismo sa Russia at China 3. Pasismo sa Italy at Nazismo sa Germany 4. Militarismo sa Japan	3. Nasusuri ang ideolohiyang totalitarianismo bilang banta sa demokratikong pamamahala
D. Ikalawang Digmaang Pandaigdig 1. Sanhi 2. Mga Pangyayari 3. Mga Pagbabagong dulot ng Digmaan	4. Natataya ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

<p>E. Ang Cold War sa Europa at America</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Truman Doctrine at Marshall Plan</li> <li>2. NATO at Warsaw Pact</li> <li>3. Space Race</li> <li>4. Cuban Missile Crisis</li> </ol>	<p>5. Naipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa Cold War at ang mga tunggaliang dulot nito</p>
<p>F. Ang Asya at Africa sa Panahon ng Cold War</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Paglaya ng mga Bansa at Neokolonyalismo</li> <li>2. Non-Aligned Nations</li> <li>3. Digmaang Korea at Vietnam</li> <li>4. Russo-Afghan War</li> </ol>	<p>6. Nasusuri ang epekto ng Cold War sa Asya at Africa</p>
<p>G. Ang Daigdig Matapos ang Cold War: Pagkakabuwag ng USSR</p>	<p>7. Natataya ang kalagayan ng daigdig sa pagwawakas ng Cold War</p>
<p>H. Mga Kilusan para sa Demokrasya</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Civil Rights Movement sa US</li> <li>2. Solidarity Movement ng Poland</li> <li>3. Tiananmen Square Protest sa China</li> <li>4. Anti-Apartheid Movement ng South Africa</li> </ol>	<p>8. Napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng iba't ibang kilusan sa pagtaguyod ng demokratikong lipunan</p>



**IKAWALONG BAITANG**  
**IKAAPAT NA MARKAHAN – MGA UGNAYANG PANDAIGDIG AT MGA HAMON SA MAKABAGONG PANAHOON**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
A. Ang United Nations (UN) at ang Pilipinas bilang kasapi nito 1. Pagtatag ng UN 2. Pilipinas bilang Kasapi ng UN	1. Nailalarawan ang United Nations at ang Pilipinas bilang kasapi nito
B. Mga Isyung Panlipunan: Isyung Pangkalusugan (SARS, Bird Flu, STIs, COVID-19, at iba pa)	2. Nasusuri ang mga isyung panlipunan na kinakaharap ng daigdig
C. Mga Isyung Pampolitika, Pangkabuhayan, at Pangkalikasan 1. Terorismo 2. Global Financial Crisis 3. Climate Change	3. Nasusuri ang mga isyung pampolitika, pangkabuhayan, at pangkalikasang kinakaharap ng daigdig
D. Globalisasyon at Pagkamamamayan ng Daigdig 1. Katuturan at Uri ng Globalisasyon a. Political globalization b. Economic globalization c. Cultural globalization 2. Katuturan ng Global Citizenship 3. Mga Isyu at Hamon bilang Global Citizen	4. Napahahalagahan ang pagiging mapanagutang mamamayan ng daigdig



## ARALING PANLIPUNAN 9

**Pamantayan sa  
Ikatlong Yugto ng  
Pagkatuto:**

Inaasahan na sa ikatlong yugto ng pag-unlad ay makapagtaya ang mga mag-aaral sa mga usapin at isyung pambansa, panrehiyon, at pandaigdig, gamit ang mahahalagang kaisipan sa heograpiya, kasaysayan, kultura, karapatan at responsibilidad, pamumuno at pagsunod, ekonomiya, at likas-kayang pag-unlad sa mapanagutang pagkamamamayan ng daigdig

**Pamantayan sa  
Ikasiyam na  
Baitang:**

Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa ekonomiks gamit ang mga kasanayan at pagpapahalaga ng mga disiplinaryang panlipunan na nakatuon sa likas-kayang pag-unlad at literasing pampananalapi tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, makakalikasan, produktibo, makatarungan, at makataong mamamayan ng bansa at daigdig

**Pamagat:**

Ekonomiks tungo sa Likas-kayang Pag-unlad

**Deskripsyon:**

Pag-unawa sa mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa ekonomiks gamit ang mga kasanayan at pagpapahalaga ng mga disiplinaryang panlipunan na nakatuon sa likas-kayang pag-unlad at literasing pampananalapi tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, makakalikasan, produktibo, makatarungan, at makataong mamamayan ng bansa at daigdig

**IKASIYAM NA BAITANG**  
**UNANG MARKAHAN – BATAYANG KONSEPTO NG PAG-AARAL NG EKONOMIKS TUNGO SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks at likas-kayang pag-unlad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng presentasyon tungkol sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks at likas-kayang pag-unlad

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Pag-aaral ng Ekonomiks tungo sa Likas-kayang Pag-unlad 1. Kahulugan ng Ekonomiks 2. Batayan ng Pag-aaral ng Ekonomiks 3. Kahalagahan ng Pag-aaral ng Ekonomiks	1. Natatalakay ang mga konsepto at batayan ng pag-aaral ng ekonomiks tungo sa likas-kayang pag-unlad
B. Likas-kayang Pag-unlad 1. Konsepto ng Likas-kayang Pag-unlad 2. Sustainable Development Goals (SDGs) 3. Kahalagahan ng Likas-kayang Pag-unlad	2. Natataya ang kahalagahan ng pagsusulong ng likas-kayang pag-unlad bilang mekanismo sa pagtamo ng pambansa at pandaigdigang kaunlaran
C. Alokasyon at Sistemang Pang-ekonomiya 1. Apat na Batayang Katanungang Pang-ekonomiks 2. Alokasyon 3. Iba't ibang Sistemang Pang-ekonomiya	3. Nasusuri ang ugnayan ng alokasyon at sistemang pang-ekonomiya bilang mekanismo sa pagtugon sa hamon ng kakapusan
D. Produksiyon: Konsepto at Implikasyon 1. Kahulugan at Proseso ng Produksiyon at Implikasyon sa pang-araw araw na pamumuhay 2. Mga Salik ng produksiyon at implikasyon sa pang-araw araw na pamumuhay 3. Konsepto at Katangian ng isang Entreprenyur 4. Mga Organisasyon ng Negosyo	4. Natatalakay ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay 5. Naipaliliwanag ang mga katangian ng isang entreprenyur at mga organisasyon ng negosyo

<p>E. Pagkonsumo at Matalinong Mamimili</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Konsepto at mga Salik na nakaaapekto sa pagkonsumo</li> <li>2. Mamili: Kahulugan at mga Katangian ng Isang Matalinong Mamimili</li> <li>3. Mga Karapatan at Tungkulin ng isang Mamimili</li> </ol>	<p>6. Nasusuri ang konsepto at ang mga salik na nakaaapekto sa pagkonsumo</p>
	<p>7. Naipamamalas ang talino sa pagkonsumo sa pamamagitan ng paggamit ng mga katangian ng isang matalinong mamimili</p>
	<p>8. Naisusulong ang mga karapatan at mga tungkulin ng isang mamimili</p>

**IKASIYAM NA BAITANG**  
**IKALAWANG MARKAHAN – UGNAYAN NG PAMILIHAN AT PAMAHALAAN TUNGO SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT**  
**KABUTIHANG PANLAHAT**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ugnayan ng puwersa ng demand at suplay, at sa sistema ng pamilihan bilang batayan ng matalinong pagdedesisyon ng sambahayan at bahay- kalakal tungo sa kabutihang panlahat
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakapagsusuri sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng puwersa ng demand at suplay, at sistema ng pamilihan bilang batayan ng matalinong pagdedesisyon ng sambahayan at bahay kalakal tungo sa kabutihang panlahat

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Demand, Suplay at Ekwilibriyo sa Pamilihan	1. Natatalakay ang konsepto ng demand
1. Konsepto ng Demand	2. Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa demand sa pang-araw-araw na pamumuhay
a. Kahulugan	
b. Mga salik na nakaaapekto sa demand	
2. Konsepto ng Suplay	3. Natatalakay ang konsepto suplay
a. Kahulugan	4. Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa suplay sa pang-araw-araw na pamumuhay
b. Mga salik na nakaaapekto sa suplay	
3. Interaksyon ng Demand at Suplay sa Pamilihan	5. Nasusuri ang interaksyon ng demand at suplay at implikasyon nito sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan
B. Konsepto ng Pamilihan	6. Nasusuri ang kahulugan at iba't ibang estruktura ng pamilihan
1. Kahulugan ng Pamilihan	
2. Iba't ibang estruktura ng pamilihan	
C. Papel ng Pamahalaan sa Pagsasaayos ng Pamilihan	7. Napahahalagahan ang papel na ginagampanan ng pamahalaan sa pagsasaayos ng pamilihan sa pagkamit ng kabutihang panlahat
1. Public goods	
2. Externalities	
3. Assymetric Information	

**IKASIYAM NA BAITANG**  
**IKATLONG MARKAHAN – GAMPANIN NG PAMAHALAAN TUNGO SA ISANG MATATAG NA PAMBANSANG EKONOMIYA**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng pamahalaan sa pagpapatatag ng pambansang ekonomiya sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga mamamayan
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakapagmumungkahi ng solusyon sa mga suliraning pang-ekonomiya sa pagpapatatag ng ekonomiyang pambansa

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
<p>A. Paikot na Daloy ng Ekonomiya</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kahulugan</li> <li>2. 5 Sector Model                             <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Unang Modelo</li> <li>b. Ikalawang Modelo-Sambahayan at Bahay-Kalakal</li> <li>c. Ikatlong Modelo - Pinansyal na Sektor/ Bangko</li> <li>d. Ikaapat na Modelo – Pamahalaan</li> <li>e. Ikalimang Modelo- Panlabas na Sektor</li> </ol> </li> <li>3. Kahalagahan</li> </ol>	<p>1. Naipaliliwanag ang ugnayan ng mga sektor na bumubuo sa modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya</p>
<p>B. Pagsukat ng Pambansang Kita</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. GNI / GDP                             <ol style="list-style-type: none"> <li>b. Kahulugan</li> <li>c. Pagkakaiba</li> <li>d. Kahalagahan</li> </ol> </li> </ol>	<p>2. Naipaliliwanag ang pamamaraan at kahalagahan ng pagsukat ng Pambansang Kita</p>
<p>C. Suliraning Pang-Ekonomiya</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Unemployment                             <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Kahulugan, Dahilan at Epekto ng Unemployment</li> <li>b. Mga programa ng pamahalaan na tumutugon sa suliranin ng unemployment</li> </ol> </li> </ol>	<p>3. Natataya ang kasalukuyang kalagayan ng unemployment at ang mga programa ng pamahalaang tumutugon sa suliraning ito</p>

<p>D. Implasyon</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Uri</li> <li>2. Dahilan</li> <li>3. Bunga</li> <li>4. Solusyon</li> </ol>	<p>4. Natatalakay ang konsepto, dahilan, epekto at pagtugon sa implasyon</p>
<p>E. Poverty / Kahirapan</p>	<p>5. Nasusuri ang mga dahilan, epekto ng kahirapan (poverty), at ang mga solusyon sa paglutas nito</p>
<p>F. Patakarang Piskal</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Konsepto at Layunin</li> <li>2. Pagbubuwis (Kahulugan at Kahalagahan)</li> <li>3. Budget at Gastos ng Pamahalaan</li> </ol>	<p>6. Nasusuri ang konsepto, layunin at pamamaraan ng pagsasakatuparan ng patakarang piskal partikular ang pagbubuwis</p>
<p>G. Patakaran sa Pananalapi</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Konsepto at Layunin</li> <li>2. Instrumento ng Patakaran sa Pananalapi</li> <li>3. Sektor ng Pananalapi</li> <li>4. Mga Institusyong Bangko at Di-bangko</li> </ol>	<p>7. Nasusuri ang konsepto, layunin at pamamaraan ng pagsasakatuparan ng patakarang pananalapi</p>
<p>H. Matalinong Pamamahalang Pampinansyal</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kahalagahan ng Pag-iimpok at Pamumuhunan</li> <li>2. Financial Literacy (Literasi sa Pananalapi)</li> </ol>	<p>8. Napahahalagahan ang ugnayan ng pag-iimpok, pamumuhunan at financial literacy bilang salik sa matalinong pamamahalang pampinansyal</p>

**IKASIYAM NA BAITANG**  
**IKAAPAT NA MARKAHAN – MGA SEKTOR NG PAMBANSANG EKONOMIYA TUNGO SA PANDAIGDIGANG UGNAYAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya sa harap ng mga hamon at puwersa tungo sa pambansang kaunlaran
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakapagbibigay ng panukala/suhestiyon sa pagpapabuti ng mga sektor ng ekonomiya at mga patakarang pang-ekonomiya

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
A. Konsepto at Palatandaan ng Pambansang Kaunlaran 1. Pambansang Kaunlaran 2. Mga palatandaan ng pambansang kaunlaran 3. Ambisyon 2040 (Katuturan, Layunin, Pagsasakatuparan)	1. Natatalakay ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran
	2. Nailalahad ang layunin, paraan at katuturan, ng pagsasakatuparan ng Ambisyon 2040
B. Sektor ng Agrikultura 1. Ang bahaging ginagampanan ng agrikultura, pangngisda at paggugubat sa ekonomiya at sa bansa 2. Mga dahilan at epekto ng suliranin ng sektor ng agrikultura a. Comprehensive Agrarian Reform b. Rice Tarification c. Food Security	3. Nasusuri ang kasalukuyang kalagayan at bahaging ginagampanan ng sektor ng agrikultura sa pambansang ekonomiya
C. Sektor ng Industriya 1. Papel na ginagampanan ng sektor ng industriya, tulad ng manufacturing, tungo sa isang masiglang ekonomiya 2. Ang pagkakaugnay ng sektor ng agrikultura at industriya tungo sa pag-unlad ng kabuhatan	4. Nasusuri ang papel ng sektor ng industriya at mga patakarang pang- ekonomiya na nakatutulong dito sa loob at labas ng bansa



<p>3. Mga patakarang pang-ekonomiyang nakaaapekto sa sektor ng industriya</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Philippine Competition Policy</li> <li>b. Oil Deregulation Law</li> <li>c. Policy on Micro, Small and Medium Sized Enterprises</li> <li>d. OTOP</li> </ol>	
<p>D. Sektor ng Paglilingkod</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang bahaging ginagampanan ng sektor ng paglilingkod sa pambansang ekonomiya</li> <li>2. Mga patakarang pang-ekonomiya na nakatutulong sa sektor ng paglilingkod</li> <li>3. Batas na nagbibigay proteksiyon at nangangalaga sa mga karapatan ng manggagawa <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Contractualization &amp; Labor outsourcing</li> <li>b. Salary Standardization Law</li> </ol> </li> </ol>	<p>5. Napahahalagahan ang papel ng sektor ng paglilingkod at ang mga patakarang pang- ekonomiyang nakatutulong dito</p>
<p>E. Impormal na Sektor</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Mga dahilan at anyo ng impormal na sektor ng ekonomiya</li> <li>2. Mga epekto ng impormal na sektor sa ekonomiya</li> <li>3. Mga patakarang pang-ekonomiya na may kaugnayan sa impormal na sektor <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Child Labor Policy</li> <li>b. Skills and Employability</li> <li>c. Social Security</li> </ol> </li> </ol>	<p>6. Nasusuri ang papel ng impormal na sector ng ekonomiya at ang mga patakarang pang-ekonomiyang nakatutulong dito</p>
<p>F. Kalakalang Panlabas</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang kalakaran sa kalakalang panlabas ng Pilipinas</li> <li>2. Ang ugnayan ng Pilipinas para sa kalakalang panlabas nito sa mga samahan tulad ng World Trade Organization at Asia Pacific Economic Cooperation</li> </ol>	<p>7. Nasusuri ang pang-ekonomikong ugnayan at patakarang panlabas na nakatutulong sa Pilipinas</p>

<p>tungo sa patas na kapakinabangan ng mga mamamayan ng daigdig</p> <ol style="list-style-type: none"><li>3. Mga kontribusyon ng kalakalang panlabas sa pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas</li><li>4. Mga patakarang pang-ekonomiya na nakatutulong sa patakarang panlabas ng bansa sa buhay ng nakararaming Pilipino<ol style="list-style-type: none"><li>a. Policy on ASEAN Economic Community</li><li>b. Policy on Trade Liberalization</li><li>c. Belt and Road Initiative</li></ol></li></ol>	
---	--



## ARALING PANLIPUNAN 10

**Pamantayan sa Ikatlong Yugto ng Pagkatuto:**

Inaasahan sa ikatlong yugto ng pag-unlad ay makapagtaya ang mga mag-aaral sa mga usapin at isyung pambansa, panrehiyon, at pandaigdig, gamit ang mahahalagang kaisipan sa heograpiya, kasaysayan, kultura, karapatan at responsibilidad, pamumuno at pagsunod, ekonomiya, at likas-kayang pag-unlad sa mapanagutang pagkamamamayan ng daigdig

**Pamantayan sa Ikasampung Baitang:**


Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kontemporaryong isyu at hamong pangkalikasan, pang-ekonomiya, karapatang pantao, pampolitika, pananagutang sibiko at pagkamamamayan sa kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyang panahon gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at matalinong pagpapasiya tungo sa mapanagutang pagkamamamayan ng daigdig

**Pamagat:**

Mga Kontemporaryong Isyu at Hamong Panlipunan

**Deskripsiyon:**

Pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kontemporaryong isyu at hamong pangkalikasan, pang-ekonomiya, pampolitika, pananagutang sibiko at pagkamamamayan sa kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyang panahon gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at matalinong pagpapasiya tungo sa mapanagutang pagkamamamayan ng daigdig



**IKASAMPUNG BAITANG  
UNANG MARKAHAN – MGA ISYU AT HAMONG PANGKAPALIGIRAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag- unawa at pagpapahalaga sa mga sanhi at implikasyon ng mga hamong pangkapaligiran upang maging bahagi ng pagtugon na makapagpapabuti sa pamumuhay ng tao
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng angkop na plano sa pagtugon sa hamong pangkapaligiran

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
<p>A. Mga Hamon at Kontemporaryong Isyung Panlipunan sa Pilipinas at Daigdig</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kinakaharap na Isyu at Hamong Panlipunan               <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pangkapaligiran</li> <li>2. Pang-ekonomiya</li> <li>3. Pang-kasarian</li> <li>4. Pagkamamamayan</li> </ol> </li> <li>b. Kahalagahan ng pag-aaral sa mga hamon at kontemporaryong isyung pambansa at pandaigdig</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Natatalakay ang kahalagahan ng kaalaman sa mga kontemporaryong isyu</li> </ol>
<p>B. Konteksto ng Suliraning Pangkapaligiran</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Man-made</li> <li>2. Natural</li> <li>3. Mga Sanhi ng Pagkaubos ng Likas na Yaman               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Illegal Logging</li> <li>b. Over-Mining</li> <li>c. Deforestation</li> <li>d. Forest degradation</li> <li>e. Illegal Fishing</li> <li>f. Illicit wildlife trade</li> </ol> </li> <li>4. Climate Change: Global Warming</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>2. Nasusuri ang mga sanhi at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran ng daigdig</li> </ol>

<p>C. Mga Pagtugon sa mga Hamong Pangkapaligiran</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pandaigdig: UN Environment Programme and the 2030 Agenda</li> <li>2. Pambansa: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. RA 9003: Ecological Solid Waste Management Act of 2000</li> <li>b. RA 9275: Philippine Clean Water Act</li> <li>c. RA 8749: Philippine Clean Air Act of 1999</li> <li>d. Iba Pang Batas na Nangangalaga sa Kapaligiran (Local Ordinances etc.)</li> </ol> </li> </ol>	<p>3. Natatalakay ang mga programa at inisyatiba upang mapangalagaan ang kapaligiran</p>
<p>D. Dalawang Dulong/Lapit sa Pagtugon sa mga Hamong Pangkapaligiran</p>	<p>4. Nasusuri ang pagkakaiba ng top-down at bottom up approach sa pagharap sa suliraning pangkapaligiran</p>
<p>E. Community-Based Disaster Risk Reduction and Management Plan</p>	<p>5. Nasusuri ang kahalagahan ng Community-Based Disaster Risk Reduction and Management Approach sa pagtugon sa mga hamon at suliraning pangkapaligiran</p>

**IKASAMPUNG BAITANG**  
**IKALAWANG MARKAHAN – MGA ISYU AT HAMONG PANG-EKONOMIYA AT PAMPOLITIKA**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sanhi at implikasyon ng mga lokal at pandaigdigang isyung pang-ekonomiya upang mapaunlad ang kakayahan sa matalinong pagpapasiya tungo sa pambansang kaunlaran
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng papel ng pagsusuri/mapanuring papel sa mga isyung pang-ekonomiya na nakaaapekto sa kanilang pamumuhay

NILALAMAN	KASANAYANG PAMPAGKATUTO
<p>A. Konteksto ng mga Isyung Pang-ekonomiya</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Isyu ng Kahirapan</li> <li>2. Isyu ng Paggawa               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Unemployment</li> <li>b. Underemployment</li> <li>c. Forced Labor</li> <li>d. Human Trafficking</li> </ol> </li> <li>3. Isyu ng Migrasyon               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Brain Drain</li> <li>b. Social Cost of Migration</li> </ol> </li> </ol> <p>B. Konteksto ng mga Isyung Pampolitika</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Dinastiyang Politikal</li> <li>2. Isyung Teritoryal at mga Tunggalian sa Hanggahan (Border Conflicts): Mga Isla ng West Philippine Sea</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Naipaliliwanag ang kalagayang pang-ekonomiya ng bansa at ang mga isyung kinakaharap nito bunga ng globalisasyon</li> <li>2. Natataya ang implikasyon ng iba't ibang suliranin sa paggawa, pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa</li> </ol>
<p>C. Mga Pagtugon sa mga Hamong Pang-ekonomiya at Pampolitika</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Hague Arbitral Ruling</li> <li>2. Batas ukol sa Pagpapatatag ng Ekonomiya               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Foreign Investment Act ng 2022</li> <li>b. DTI Go Lokal!</li> </ol> </li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>3. Nasusuri ang mga batas at saligan sa iba't ibang tugon sa pagharap sa hamon at isyung pang-ekonomiya at pampolitika</li> </ol>

**IKASAMPUNG BAITANG  
IKATLONG MARKAHAN – MGA ISYU AT HAMONG PANGKASARIAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga epekto, isyu, at hamon na may kaugnayan sa kasarian at lipunan upang maging aktibong tagapagtaguyod ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa kapuwa bilang kasapi ng pamayanan
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng mga gawain na nagsusulong sa pagtanggap at paggalang sa iba’t ibang kasarian

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Mga Konseptong Pangkasarian 1. Sex 2. Gender 3. Gender Roles	1. Natatalakay ang mga uri ng kasarian (gender) at sex
B. Gender Roles sa Iba’t ibang Panig ng Pilipinas at Daigdig	2. Nasusuri ang gender roles sa Pilipinas at iba’t ibang panig ng daigdig
C. Mga Isyung Nagaganap sa Lipunan Kaugnay ng Kasarian 1. Diskriminasyon sa tahanan, paaralan, komunidad at trabaho 2. Karahasan sa Kasarian/Hate Crimes	3. Naipaliliwanag ang iba’t ibang salik na nagiging dahilan ng diskriminasyon sa kasarian, sa tahanan, paaralan, trabaho at komunidad
	4. Nasusuri ang iba’t ibang nararanasang karahasan ng lahat ng kasarian
	5. Naipahahayag ang pananaw tungkol sa nararanasang karahasan ng mga batang babae, kababaihan, at miyembro ng LGBTQIA+
D. Mga Saligang Nagtataguyod sa Karapatan Kaugnay ng Kasarian, Karahasan, at Diskriminasyon	6. Nasusuri ang tugon ng iba’t ibang samahan (lokal at internasyonal) laban sa karahasan at diskriminasyon

<ol style="list-style-type: none"><li>1. Pandaigdigang Batayan<ol style="list-style-type: none"><li>a. Universal Declaration of Human Rights</li><li>b. Principles of Yogyakarta</li><li>c. Convention on Elimination of Discrimination against Women</li><li>d. Convention on the Rights of the Child</li></ol></li><li>2. Pambansa at Lokal na Batas</li></ol>	<ol style="list-style-type: none"><li>7. Napahahalagahan ang tugon ng pamahalaan at mamamayan ng Pilipinas sa mga isyu ng diskriminasyon at karahasan</li></ol>
--	---



**IKASAMPUNG BAITANG**  
**IKAAPAT NA MARKAHAN – MGA ISYU AT HAMON SA PAGKAMAMAMAYAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkamamamayan at pakikilahok sa mga gawaing pansibiko tungo sa mapanagutang pagkamamamayan ng daigdig
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng panukala kaugnay sa isyu at hamon sa pagkamamamayan at gawaing pansibiko

<b>NILALAMAN</b>	<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>
A. Pagkamamamayan 1. Legal na Konsepto at Katuturan 2. Lumalawak na Pananaw sa Pagkamamamayan a. Digital Citizenship b. Global Citizenship	1. Naipaliliwanag ang mga katangiang dapat taglayin ng isang aktibong mamamayan na nakikilahok sa mga gawain at usaping pansibiko
B. Karapatang Pantao 1. Konteksto (1987 Constitution at UDHR) 2. Uri 3. Kahalagahan	2. Nasusuri ang kahalagahan ng pagsusulong at pangangalaga sa karapatang pantao sa pagtugon sa mga isyu at hamong panlipunan
C. Mga Isyu at Hamon sa Pagkamamamayan 1. Paglabag sa Karapatang Pantao 2. Mga Samahang Nagtataguyod sa Karapatang Pantao	3. Natatalakay ang mga isyu at hamon sa pagkamamamayan
D. Pakikilahok sa mga gawaing politikal at pansibiko ng mamamayan 1. Mabuti at Mapanagutang Pagboto (Voter's Education) 2. Pagbuo ng samahang pansibiko	4. Natatalakay ang aktibong pakikilahok ng mamamayan sa mga gawaing pansibiko
E. Pagkamamamayan at Mabuting Pamamahala	5. Napahahalagahan ang papel ng mamamayan sa pagkakaroon ng isang mabuting pamamahala

**GLOSARYO**

- **Makabansa** - transdisiplinaryong asignature sa unang susing-yugto (Baitang 1-3) na naglalayong makahubog ng isang aktibong mag-aaral sa pamamagitan ng paglinang ng mahahalagang kasanayang hango sa Sibika, Sining at Kultura, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkalusugan na nagpapamalas ng pagkakakilanlan, pagkamalikhain, pagkamalusog at pakikipag-ugnayan sa kapuwa at sa iba pang aspekto ng lipunan tungo sa pagiging holistikong Pilipinong taglay ang ika-21 siglong kasanayan.
- **Transdisiplinaryo** -dulog pedagohiya na gumagamit ng iba't iba at hindi magkakaugnay na disiplina upang suriin at maunawaan ang isang konsepto o tema.
- **Ikadalawampung Siglong Mga Kasanayan** - mga kasanayang mahalagang maipamalas upang makapamuhay sa kasalukuyang sistema at konteksto tulad ng maring pag-iisip, epektibong komunikasyon, media and information literacy, at iba pang kaugnay nito.

**MGA SANGGUNIAN (REFERENCES)**

- Adams, P. 2006. Exploring social constructivism: theories and practicalities. Education 3–13.
- Andres, B. et.al. 2019. Teaching Social Studies in the Elementary Grades. Rex Publishings Inc.
- Beal, C.& Bolick, C.M. 2013. Teaching Social Studies in Middle and Secondary Schools (6th ed.). New Jersey: Pearson Education, Inc.
- De Leon, Zenaida. 2011. Mga Estratehiya at mga Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan pasa sa Sekundarya. Philippines: Vibal Publishing House Inc.
- Johnson, D. W. and Johnson, R.T. 2018. Cooperative learning. Innovacion Educacion. Gobierno de Aragon.
- Kolb, D.A. 1984. Experiential learning: experience as the source of learning and development. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hal
- Kolb, D.A. 2015. Experiential learning: experience as the source of learning and development. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hal
- Department of Education. 2016. K to 12 Gabay Pangkurikulum: Araling Panlipunan (Baitang 1-10). Retrieved April 21, 2020, from <http://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/AP-CG.pdf>
- Department of Education. 2016. K to 12 Araling Panlipunan National Training of Trainers' Session Guides.
- Centre for Educational Studies, University of Hull, UK. Vol. 34, No. 3, October 2006, pp. 243-257.
- Chun, M. 2010. Taking teaching to (performance) task: Linking pedagogical and assessment practices. Change: The Magazine of Higher Education.
- Darling-Hammond, L. & Adamson, F. 2013. Developing assessments of deeper learning: The costs and benefits of using tests that help students learn.
- Denton, DW & Sink C. 2015. Preserving Social Studies as Core Curricula in an Era of Common Core Reform. Journal of Social Studies Education Research 2015: 6(2), 1- 17.
- Agno, Lydia and R. Tadena. Module 6.6 Curriculum and Instruction: Ang Pagtuturo ng Araling Panlipunan. Department of Education.

Heard J., Scoular, C., Duckworth, D., Ramalingam, D., & Teo, I. 2020. Critical thinking: Skill development framework. Australian Council for Educational Research. [https://research.acer.edu.au/ar\\_misc/41](https://research.acer.edu.au/ar_misc/41)

Hinde, E. 2009. Fractured social studies or integrated thinkers: The end results of curriculum integration. *Social Science Research and Practice*, 4(3), pp. 118-127. Retrieved from <http://www.socstrp.org/issues/PDF/4.3.12.pdf>

Krahenbuhl, K. S. 2019. The problem with the expanding horizons model for history curricula. *Phi Delta Kappan*, 100(6), pp. 20-26.

Leming, J., Ellington, L., & Porter, K. (2003). Where Did Social Studies Go Wrong?. Palm, T. (2008). "Performance assessment and authentic assessment: A conceptual analysis of the literature." *Practical Assessment Research and Evaluation*, 13(4).

Ramli, M. (2009). The Expanding Environments Approach in Elementary Social Studies Education. *Ilmu Pendidikan: Jurnal Kajian Teori dan Praktik Kependidikan*, 26(1).

<https://www.the74million.org/after-year-of-peril-for-democracy-scholars-release-new-framework-for-history-and-civics-in-schools/>